

gikan sa



an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu I
Taon XVII

Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol



Praymer hinggil sa

# COMPREHENSIVE AGREEMENT ON SOCIO-ECONOMIC REFORMS (CASER)

### Ano ang nilalaman ng burador ng CASER na ipinapanukala ng NDFP?

Ang CASER ay ang ikalawang adyenda sa usapang pangkapayapaan. Itinuturing itong puso't ubod ng negosasyong pangkapayapaan. Dito tinatalakay ang mga batayang sosyo-ekonomikong repormang kinakailangan upang itaguyod ang soberanya ng bansa at ang lahat ng demokratikong interes ng mamamayan. Para makamit ang makabuluhan at pangmatagalang pagbabagong magsisilbi sa taumbayan, sinasaklaw ng CASER ang mga plano't programa upang putulin ang ilang dekada nang pangangayupapa ng Pilipinas sa mga imperyalistang bansa sa pamamagitan ng isang patakaran sa ekonomyang malaya mula sa kontrol ng imperyalismo at nakatuon sa pagpapaunlad ng agrikultura laluna sa kanayunan at pagtataguyod ng pambansang industriyalisasyon.

Taong 1998, sa ilalim ng rehimeng Ramos, ilinabas ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang unang burador ng CASER. Ito ay matapos magkasundo ang panig ng NDFP at GRP at mapirmahan ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Ngunit sa kabila ng pagsisikap ng mga kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan na kagyat na maisunod sa usapan ang CASER, hindi sumalubong ang gubyerno ng Pilipinas. Mula

noon hanggang sa kasalukuyang gubyernong Duterte, walang nagpakita ng tunay na kapasyahan at kasigasigang harapin at tugunan ang mga suliraning araw-araw na nagtatali sa mamamayan sa lubos na kahirapan.

Sa ilang ulit na humarap ang NDFP sa usapang pangkapayapaan, ilang beses ding nalantad ang tunay na intensyon ng reaksyunaryong gubyerno sa pag-aalok ng negosasyon - ang pahinain ang nagkakaisang lakas ng mamamayan habang sinusubukang itulak ang rebolusyonaryong kilusan sa pagsalong ng armas at pasipikasyon. Sa halip na pagtuunan ng pansin ang pagbubuo ng plano para sa isang kasunduang tutugon sa mga sosyo-ekonomikong suliranin, paulit-ulit na isinasantabi ng reaksyunaryong gubyerno ang CASER habang iginigiit ang pagkakaroon ng isang pangmatagalang tigil-putukan at ang pagpapahinto sa mga lehitimong aktibidad ng CPP-NPA-NDFP. Ito ay sa kabila ng pagkilala rito ng internasyunal na komunidad bilang isang nakikidigmang entidad na may pantay na pampulitikang katayuan sa GRP (belligerent status).

Nitong Abril, muling nagbukas ang rehimeng US-Duterte sa posibilidad ng pagtutuloy ng usapang pangkapayapaan at ang pagbubukas ng pormal na usapan sa Hunyo. Sinalubong ng NDFP ang pahayag na ito ng GRP sa kabila ng mga hakbang pananabotahe ni Duterte tulad ng Presidential Proclamation 360 at 374 noong Disyembre 2017 na nagdedeklarang terorista ang CPP-NPA-NDFP at mga ligal na progresibong organisasyon at mga personalidad. Subalit muli na namang umatras ang pasista't inutil na pangulo. Matapos ang mga mabungang konsultahan sa pagitan ng dalawang panel, muling humingi ng palugit si Duterte upang pag-aralan umano ang mga dokumentong napagsalubungan ng NDFP at GRP panel.

Ngunit sa halip na harapin ang mga nakabinbing usapin upang umusad na ang usapang pangkapayapaan, pumihit si Duterte sa sukdulang pang-aatake sa rebolusyonaryong kilusan at papasahol na pasismo. Muling binuhay at aktibong kinakampanya ng kanyang mersenaryong AFP ang lokalisadong usapang pangkapayapaan na naglalayong hatiin ang hanay ng mga kasama. Nito namang Setyembre, sinimulan ang pagpapalaganap ng isyu ng Red October Ouster Plot na linuluto umano ng CPP-NPA-NDFP kasama ang Liberal Party, grupong Magdalo at iba pang kritiko niya. Sunud-sunod na senaryo at kaguluhan ang pinapuputok ni Duterte upang madulas na maisakatuparan ang plano niya ng pambansang Batas Militar. Nito lamang, walang pangingiming umamin si Duterte sa ekstrahudisyal na pagpaslang na kagyat namang pinagtakpan ng kanyang mga alipures at pilit na pinalalabas na biro. Biro man o hindi, ibig lang sabihin ng ganitong mga iresponsableng pahayag na walang pagpapahalaga ang rehimeng US-Duterte sa karapatan ng mamamayan at sa katunayan ito pa mismo ang nangunguna sa pang-aatake sa kanila.

**"Ngunit sa halip na harapin ang mga nakabinbing usapin upang umusad na ang usapang pangkapayapaan, pumihit si Duterte sa sukdulang pang-aatake sa rebolusyonaryong kilusan at papasahol na pasismo"**

Kasabay ng papatinding karahasan, patuloy ding lumalala ang krisis sa ekonomya. Sa halip na pagkunutan ng noo ang pagbulusok ng ekonomya, walang ibang pinagtutuunan ng pansin ngayon ang rehimeng US-Duterte kundi ang pagkumpleto sa mga rekisitos para sa Batas Militar. Ginagawa ng kanyang inutil na gubyerno ang lahat upang mas mabilis at buung-buong maipatupad ang mga neoliberal at kontra-mamamayang patakaran. Samantala, ramdam na ramdam ng masa ang epekto ng pampulitika at pang-ekonomyang krisis na dinaranas ng bansa bunsod ng mga maka-imperyalistang patakarang ito. Umaangal na ang masa sa pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin, serbisyo at yutilidad bunga ng TRAIN. Nagngangalit ang masa sa kainutilan ni Duterte na tugunan ang usapin ng mapandambong at mapanirang pagmimina sa bansa na ngayon nga ay nagbunga ng trahedya sa Itogon, Benguet at Naga City, Cebu kung saan lampas 170 na ang mga labing nakukuha. Higit na pagluluwag sa importasyon ang tanging tugon ni Duterte sa usapin ng krisis sa bigas. Siguradong dahil sa hakbanging ito lalo lamang malulumpo ang mga lokal na prodyuser at lalo lamang makokontrol ng mga kartel sa bigas ang presyo habang ang masa ang papasan ng dagdag pasakit.

Nakapasa na rin sa ikalawang pagbasa sa Kongreso ang Pambansang Badyet na pabor sa pagsusulong ng mga neoliberal na programa tulad ng Build, Build, Build (BBB) sa halip na bigyang pansin ang mga sosyoekonomikong programa para sa mamamayan. Tulad ng mga naunang programang kahalintulad nito, magiging palagatasan lamang ng mga dayuhan at lokal na kontraktor ang naturang programa. Gayundin, tanging ang pinakamalalaking burgesya komprador at negosyante ang makikinabang sa mga imprastruktura at negosyong ibubunga ng BBB. Pinapaboran din ng panukalang Pambansang Badyet ang modernisasyon ng AFP samantala iindahin ng iba pang kagawaran tulad ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), Commission on Higher Education (CHED) at Department of Health (DOH) ang pagliit ng bahagi sa badyet.

Ito ang mukha ng sukdulang maka-imperyalista at pasistang rehimeng US-Duterte. Gayunpaman, patuloy na naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan sa patakaran nitong manatiling handa sa negosasyong pulitikal sa pagkakataong magbukas ang gubyerno sa usapang pangkapayapaan habang patuloy na isinusulong ang interes ng mamamayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan. Sa pagtutulak na mapag-usapan ang CASER, hinahangad ng rebolusyonaryong kilusan na mabuo ang isang programang magbibigay puwang para sa tunay at makabuluhang sosyo-ekonomikong pag-unlad na magsisilbi sa mamamayan. Ang inaasahang programang ibubunga ng kasunduan ay alinsunod sa 12-puntong programa ng NDFP at ayon sa sosyalistang perspektiba para sa Pilipinas. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan na tanging sa paglutas ng kahirapan at pagtataguyod ng isang ekonomyang tunay na demokratiko, malaya mula sa kontrol ng dayuhan at lokal na naghaharing-uri at naglilingkod sa masa mabubuo ang pundasyon para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.


## Ano ang nilalaman ng burador ng CASER na ipinapanukala ng NDFP?

May tatlong mahahalagang bahagi ang burador ng CASER na iniharap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan bilang kinatawan ng rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan: ang pagpapaunlad ng pambansang ekonomya, pagtataguyod sa karapatan ng mamamayan at ang soberanya sa ekonomya para sa pambansang pag-unlad.

A. Pagpapaunlad ng Pambansang Ekonomya


Dito, ilinalahad ng NDFP kung paanong nagsisilbing pundasyon ng isang matatag na pambansang ekonomya ang pagpapaunlad sa agrikultura at kanayunan kasabay ng pambansang industriyalisasyon nang may pagpapahalaga sa kalikasan.

Magsasaka ang bumubuo sa malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas at nananatiling nangungunang sektor sa ekonomya ng bansa ang agrikultura. Kaya naman, upang matugunan ang pangangailangan ng matatag na pundasyon para sa umaasa-sa-sariling pagpapaunlad ng ekonomya, kinakailangang tugunan ang batayang suliranin sa pagpapaunlad ng agrikultura at pagtataas ng antas ng pamumuhay ng mga magsasaka. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan na susi rito ang isang tunay na reporma sa lupang tatapos sa matagal nang monopolyo sa lupa ng iilang mga panginoong may-lupa at korporasyon. Ipinapanukala ng burador ng CASER na itinataguyod ng NDFP ang pagkakaroon ng isang komprehensibong reporma sa lupa na magtutuon ng pansin sa libreng pamamahagi ng lupa sa lahat ng mga magsasakang malaon nang pinagkaitan ng lupang masasaka. Saklaw ng pamamahagi ang lahat ng pribado at pampublikong lupang agrikultural, mga palaisdaan at iba pang lupang agrikultural nang may pagsasaalang-alang sa lupang ninuno ng pambansang minorya. Lalamnin ng naturang repormang ikinakampanya ng NDFP ang mga probisyon upang siguruhing hindi magkakaroon ng rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilan.



Bahagi rin ng burador ng NDFP para sa CASER ang pagsisiguro sa karapatan ng mga magsasaka, kabilang na ang mga manggagawang bukid at mangingisda, sa makabuluhang sahod, makataong kalagayan sa paggawa, mga benepisyo at pagpawi sa usura at iba pang porma ng mapagsamantalang pautang. Itutulak ang gubyernong maglaan ng sapat na pondo para sa pagpapaunlad ng produksyon, syensya at teknolohiya sa agrikultura, irigasyon, kagamitan, pasilidad, imprastruktura at iba pang kakailanganing suporta sa pagsasaka.

Itinutulak din ng rebolusyonaryong kilusan na magkaroon ng tunay na demokratikong partisipasyon ang mga magsasaka sa pagpapasya. Sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at Bagong Hukbong Bayan, magkakaroon ng susing papel ang mga magsasaka sa pagpapatupad ng reporma sa lupa. Isusulong ang pagtatayo ng mga kooperatiba at asosasyon ng mga magsasaka. Pauunlarin ang mga industriya sa pagproseso ng karne, gulay at isda, mga produktong mula sa gatas, niyog, asukal, tabako, prutas, asin, abaka, kawayan at rattan, tela, palayok, kasangkapan at iba pang produktong agrikultural.



Mulat din ang rebolusyonaryong kilusan na napakahalaga ng papel ng pambansang industriyalisasyon sa pag-unlad ng ekonomya. Kinakailangan ito upang matugunan ang pangangailangan ng masa, lumikha ng mas maraming hanapbuhay, mapataas ang sahod, masiguro ang mabilis at sustenidong pag-unlad sa ekonomya at makamit ang paglaya ng ekonomya ng bansa mula sa kamay ng imperyalismo. Kaya naman sa burador ng NDFP para sa CASER, itinataguyod ang pagpapalakas at pagsuporta sa mga empresang pagmamay-ari ng mga Pilipino. Ang ekonomya ay bubuuhin ng mga pampublikong empresa, industriyal na kooperatiba, mga proyektong pagtutulungan ng pampubliko at pribadong sektor at indibidwal na mga negosyo sa ilang pagkakataon. Titiyakin ang pagpupundar at pagpapalago ng mga industriya kapwa sa magagaan (halimbawa tela at pagkain) at mabibigat na industriya (halimbawa bakal at kemikal).

Ipinapanawagan ng rebolusyonaryong kilusan sa burador nito ng CASER na tanggalin ang dayuhang monopolyo sa kapital sa mga mahahalaga at susing industriya. Ang mga yutilidad tulad ng kuryente, tubig, telekomunikasyon at transportasyon ay muling isasabansa upang lubusang makapagsilbi sa mamamayan. Maging ang pagmimina ay isasabansa upang masiguro ang makatwirang pangangalap at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa. Ang mga mahahalagang empresa at estratehikong industriya ay magiging pag-aari ng estado mula 60% hanggang 100%.

Linalaman din ng burador ang mga probisyon na magtitiyak na magkakaroon ng makabuluhang papel ang mga manggagawa sa pagpapasya upang pangalagaan at isulong ang kanilang karapatan at kagalingan. Titiyakin ang pagkakaroon ng mga unyon at konseho ng manggagawa sa mga empresa at mga plantasyon. Ang pondo para sa industriyalisasyon ay manggagaling sa pangkabuuhang pondo ng gubyerno, pamumuhunan sa industriya, progresibong pagbubuwis at mga kumpiskadong ari-arian ng mga malalaking burgesya kumprador at burukrata kapitalistang nakamkam nila sa mahabang panahon ng korupsyon at pagsasamantala sa mamamayan.

Habang pinapaunlad ang ekonomya, kinakailangan ding bigyang-pansin ang pagpreserba at pangangalaga sa kalikasan. Itinutulak ng burador ng NDFP ang pagkakaroon ng isang batas na sisiguro sa pangangalaga, rehabilitasyon at pagpapaunlad ng mga likas na yaman ng bansa kabilang yaong nasa katubigan at eksklusibong pang-ekonomikong sona nito. Sa pagpaplano, kinakailangang bigyang-halaga ang pagbawas sa polusyon at pagkasira ng kalikasan sa buong bansa. Ang pondo para sa mga makabuluhang proyekto para sa tunay na rehabilitasyon at pagpapaunlad ng likas na yaman ay manggagaling sa gubyerno at sa kumpensasyong kinakailangang bayaran ng mga dambuhalang korporasyon at iba pang empresang

nagdulot ng lubhang pagkasira ng kalikasan. Kagyat na ipahihinto ang walang habas na pag-abuso sa kalikasan ng bansa para sa interes ng mga dayuhan at ilang lokal na kapitalista . Ipagbabawal ang mga lubhang mapaminsalang aktibidad sa pagmimina, agrikultura, industriya, reklamasyon at iba pa .

Pananagutin ng batas at magbabayad ng danyos sa mga komunidad at mga indibidwal na biktima ng pagkasira ng kalikasan ang mga entidad na nanguna sa pang-aabuso sa kalikasan kabilang na ang imperyalistang US at iba pang dayuhang gubyerno, mga dambuhalang korporasyon at mga burukrata kapitalista. May probisyon din ang burador ng NDFP hinggil sa pagkakaroon ng demokratikong partisipasyon at pahintulot ng mga apektadong komunidad at pambansang minorya sa mga pagpapasya hinggil sa mga aktibidad na makaaapekto sa kalikasan.

Upang masiguro ang pagpapatupad ng mga naturang plano, bahagi ng panukala ng NDFP ang pagbubuo ng mga Joint Monitoring Committees para sa pagpapaunlad ng agrikultura (JMC on Agrarian Reform and Rural Development), pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon (JMC on National Industrialization and Economic Development) at pangangalaga ng kalikasan (JMC on Environmental Protection, Rehabilitation and Compensation).

**"... ang tunay na pag-unlad ay yaong pag-unlad na nadarama ng kalakhan ng mga sektor sa lipunan..."**

B. Pagtataguyod ng Karapatan ng Mamamayan

Matagal nang sinisingil ng mamamayan ang gubyerno sa kawalan nito ng programang tutugon sa kanilang mga demokratikong interes at magbubunsod ng makabuluhang pag-unlad. Hungkag ang turing ng taumbayan sa ipinamamaraling pag-unlad at pagbabago ng gubyerno sa kabila ng pagpapakalat nila ng samu't saring mga istadistika dahil nananatili at lumulubha pa nga ang kahirapang kanilang nararanasan. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan kasama ang masa sa pagpanawagang ang tunay na pag-unlad ay yaong pag-unlad na nadarama ng kalakhan ng mga sektor sa lipunan at hindi yaong pinagpapasasaan lamang ng iilang mga lokal na naghaharing-uri at kanilang mga among dayuhang kapitalista.

Sa burador ng NDFP para sa CASER, binigyang-diin nito ang pangangailangan ng sosyo-ekonomikong pag-unlad na magsisilbi sa kagalingan at interes ng mamamayan. Ang mamamayang matagal nang inaalipin at pinagsasamantalahan sa kasalukuyang kaayusan ang siyang dapat makinabang sa mga repormang isusulong sa CASER. Itutulak ang gubyernong tapusin ang mga patakaran nito ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon na sa mahabang panahon ay nagpabansot sa ekonomya ng bansa.

Titiyakin ang pagkakaroon ng nakabubuhay na sahod, benepisyo, kasiguruhan ng trabaho, makataong kalagayan sa paggawa at karapatang mag-organisa at magprotesta ng lahat ng mga manggagawa. Isinusulong din ng NDFP ang pangangalaga at pagtatanggol sa interes ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibayong dagat kasabay ng paghinto sa labis na pagsalig ng ekonomya ng bansa sa pagbebenta ng murang lakas-paggawa. Aalisin ang mga kundisyong nagtutulak sa hindi makatwirang pagpapatrabaho sa mga bata. Magkakaroon din ng mas maraming pagkakataon ang mga nakatatanda at may kapansanan na mas maging aktibo at produktibo. Ipupundar ang isang sistema ng pensyon na manggagaling sa pondo ng buwis ng taumbayan at hindi na kinakailangan pag-ambagan ng mga benepisyaryo.

Gayundin, ipinapanukala ng NDFP ang pagkakaroon ng libreng edukasyon mula sa batayang antas hanggang kolehiyo. Magkakaroon din ng feeding programs, komprehensibong pangangalaga sa kalusugan ng mga pamayanan, pampublikong labahan at abot-kayang pabahay para sa mamamayan. Bahagi rin ng burador ang pagkakaroon ng mura at de-kalidad na mapagkukunan ng tubig, kuryente, transportasyon, telekomunikasyon at libreng akses sa internet. Ang mga serbisyo at pasilidad na ito ay sisiguruhing pagmamay-ari ng gubyerno o ng publiko at kung kakatuwangin ang ilang pribadong empresa para sa pamamalakad ay marapat na nasa ilalim pa rin ng superbisyon ng mga kooperatiba.

Linalaman din ng burador ng NDFP para sa CASER ang pagtitiyak sa pantay na pagtingin at pagtrato sa lahat ng kasarian. Isusulong ang pagtatanggol laban sa diskriminasyon sa iba't ibang kasarian – sa trabaho man o sa ibang larangan ng buhay. Kikilalanin ang pagpapakasal ng parehas na kasarian at isasabatas ang diborsyo.

Mulat ang rebolusyonaryong kilusan na malaki ang bahagi ng kultura sa maaaring pagkabulok o hindi kaya ay pag-unlad ng isang bansa. Maraming mga panukala ang CASER para sa kagalingan ng mamamayan ang hindi mapapatupad nang hindi naisasabay ang pag-unlad din ng antas ng kultura ng masa. Kaya naman, isusulong ang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura na nagtutulak ng kritikal na pag-iisip at mag-aarmas sa mamamayan ng kakayahang alamin ang kalagayan at matapos ay tunguhin ang mga hakbang upang mabago ito.


Susi ang papel ng edukasyon sa paglilinang ng kaisipan ng taumbayan. Ipipihit ang kurikulum nito, mga materyales at aktibidad tungo sa tunay na pagsisilbi sa interes ng mamamayan at pambansang pag-unlad mula sa kasalukuyan nitong oryentasyong nakatuon lamang sa pagluluwal ng murang lakas-paggawa para sa mga kapitalista at imperyalistang bansa. Pauunlarin ang pampublikong sistema ng impormasyon sa pamamagitan ng paghikayat ng mas malalim at makabuluhang mga balita at programa mula sa mga empresa ng dyaryo, telebisyon, radio at iba pang daluyan ng midya. Ipagtatanggol din ang kalayaan sa pamamahayag at impormasyon.

Susuportahan at paiigtingin ang paglalabas at pamamahagi ng mga pangmasa at progresibong sining, musika, panitikan, teatro at pelikula. Palalakasin ang mga konseho ng sining sa mga lokalidad at itatayo ang mga pasilidad para sa kultura at sining. Pangangalagaan din ang mga makasaysayang lugar na sumasalamin sa kultura at mga pinagdaanan ng bansa. Mas masikhay at masinsin na itataguyod ang Filipino bilang pambansang wika. Ipagtatanggol ang soberanya sa kultura ng bansa.

Binibigyang-diin din sa burador ng NDFP para sa CASER ang pagkilala at pagrespeto sa katangian at kasarinlan ng pambansang minorya at Bangsamoro. Kikilalanin ang kanilang karapatan sa kanilang mga lupang ninuno at itataguyod ang kanilang kasarinlang magpasya para sa kanilang sarili. Malaya silang tukuyin at paunlarin ang kanilang mga prayoridad at bumuo ng sarili nilang mga estratehiya upang maabot ang mga ito habang gumugulong din ang mga pamamaraan upang siguruhing makikinabang din sila sa pambansang programa para sa sosyo-ekonomikong pag-unlad.

Ang mga lupang ninunong kinamkam mula sa kanila ay sisiguruhing maibabalik at maipagtatanggol. Papalitan ang mga hungkag na batas ng mga makabuluhang panukala na magtitiyak ng kanilang kolektibong pagpapasya para sa kanilang kagalingan. Maglalabas ng isang moratorium para sa mga bagong aplikasyon sa pagmimina, pagtotroso, paglikha ng enerhiya, transportasyon, turismo at iba pang proyekto upang maisaalang-alang ang kapakanan ng pambansang minorya.

Itinutulak din ng rebolusyonaryong kilusan na maiwasto ang sistematikong diskriminasyon sa pambansang minorya at Bangsamoro. Kabilang dito ang pagtitiyak na wasto at



syentipiko ang pagsasalarawan ng kanilang buhay at kultura sa sistema ng edukasyon, midya, sining, panitikan at iba pang daluyan.

Nakapaloob sa burador ang pagtatayo ng mga Joint Monitoring Committee para sa karapatan ng mga manggagawa (JMC on Rights of the Working People), sa pagtataguyod ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura (JMC on Promoting Patriotic, Progressive and Pro-People Culture) at para sa pagkilala ng karapatan ng pambansang minorya sa pagpapasya sa sarili at kanilang mga lupang ninuno (JMC on Recognition of Ancestral Lands and Territories of National Minorities) upang magarantiyahan ang demokratikong partisipasyon ng mamamayan sa pagsusulong ng kanilang kagalingan at pagtatanggol ng kanilang mga karapatan.

C. Soberanya sa Ekonomya para sa Pambansang Pag-unlad

Sa bahaging ito, tinalakay ng NDFP ang mga panukala ng rebolusyonaryong kilusan upang maipihit ang mga patakaran sa ekonomya ng bansa mula sa pagiging maka-dayuhan tungo sa pagtataguyod ng pambansang soberanya at pag-unlad.

Upang matugunan ito, ipinapanukala ng NDFP ang pagkakaroon ng nagsasariling patakaran sa internasyunal na pakikipag-ugnayan. Dapat nakatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomya ng bansa at hindi humahadlang dito ang patakaran sa internasyunal na relasyon. Kinakailangan wakasan ng bansa ang mga tagibang na kasunduan, tratado at patakaran sa ekonomya at kalakaran na nagtatali ng ekonomya ng bansa sa interes ng dayuhang kapital.

Bahagi rin ng plano sa CASER ang pagpupundar ng mas matibay at mahusay na ugnayan ng Pilipinas sa mga bansa sa Silangang Asya at iba pang papaunlad na bansang naggigiit din ng kanilang soberanya. Magpapatupad ng mga rehiyunal na pagsisikap upang tiyaking magsisilbi sa pag-unlad ng mga naturang bansa ang mga kasunduang papasukin at pagkakaisahan.

Aayusin din ang prayoridad ng sistema ng pagbabangko at pinansya batay sa kongkretong pangangailangan ng bansa – pagpapaunlad sa agrikultura, industriyalisasyon sa kanayunan, mga susi at mahahalagang industriya, manupaktura, imprastruktura, serbisyo sa mamamayan at iba pa. Magiging pag-aari at pangangasiwaan ito ng publikong sektor at ng mga Pilipino.

Ipipihit ang oryentasyon ng mga bangkong hinahawakan ng gubyerno upang magsilbi sa mga prayoridad na alinsunod sa pangangailangan ng bansa. Muling inanasyunalisa ang mga pribadong bangko ng gubyerno. Samantala ang mga pribadong bangko ay hihikayatin na ipihit din ang kanilang patakaran sa pautang tungo sa pagtuwang sa mga prayoridad na sektor.

Ang patakaran sa pinansya ng bansa ay kinakailangang baguhin upang mapagsilbi ang pondo ng gubyerno sa batayang serbisyong kinakailangan ng mamamayan, pampublikong yutilidad at pagsuporta sa pampublikong pamumuhunan. Ipapatupad ang isang progresibong sistema sa pagbubuwis na magtatangi sa magkaibang kakayahan ng masa at maliliit na empresa mula sa mga mayayamang kapitalista at dambuhalang korporasyon na magbayad ng buwis. Magpapatupad ng mga panukalang titiyak na hindi makatatakas o makapandaraya mula sa pagbabayad ng tamang buwis ang malalaking korporasyon, burukrata kapitalista at iba pa. Ang buwis sa mga produktong kinokonsumo ay bababaan liban sa iilang mga produktong hindi kanais-nais o kapritso lamang.

Itinutulak din ng burador ng NDFP sa CASER ang pagkakaroon ng isang estratehikong sosyo-ekonomikong

**"Ang patakaran sa pinansya ng bansa ay kinakailangang baguhin upang mapagsilbi ang pondo ng gubyerno sa batayang serbisyong kinakailangan ng mamamayan, pampublikong yutilidad at pagsuporta sa pampublikong pamumuhunan...**

plano para sa pag-unlad upang makapagtayo ng matatatag na pang-ekonomyang pundasyon at matiyak ang karapatan at kapakanan ng sambayanang Pilipino. Sa tuwina, nararapat na nakaayon ang lahat ng plano sa paninindigang mas mahalaga ang mga layunin upang pabutihin ang kalagayan ng mamamayan kaysa sa merkado.

Ang naturang plano ay dapat koordinadong ipatupad sa lahat ng mga ahensya at kawanihan ng gubyerno. Ang ilan pang mga partikular na programa ay kinakailangang mabuo batay sa mga mahahalaga at mayor na probisyon ng CASER. Upang masiguro ang pagpapatupad at pangangasiwa ng mga ito, ipinapanukala ng NDFP ang pagkakaroon ng Joint Monitoring Committee para sa pagtitiyak ng patakaran ng bansa sa ugnayang panlabas at kalakaran (JMC on Foreign Economic and Trade Relations), para sa pangangasiwa ng mga patakaran sa pinansya (JMC on Financial, Monetary and Fiscal Policies) at isang komisyon para sa ibayong pagpaplano at pagpapatupad ng mga sosyo-ekonomikong proyektong magsisilbi sa masa (Social and Economic Planning Commission).


## Ano ang kahalagahan ng pagsusulong ng CASER?

Kaisa ng mamamayan ang rebolusyonaryong kilusan sa paghahangad na maisulong at mapirmahan ang CASER dahil ito ang naglalaman ng mga sosyo-ekonomikong repormang matagal nang kahingian ng taumbayan. Nilalaman nito ang mga programang matagal nang isinasantabi at lantarang binabalewala ng reaksyunaryong gubyerno. Tinutugunan ng CASER ang mga batayang sosyo-ekonomikong problemang siyang ugat ng armadong sigalot sa bansa.

Ang pagsusulong ng CASER at usapang pangkapayapaan sa kabuuhan ay isang malaking tagumpay para sa mamamayan dahil patunay ito ng layo at lakas na inaabot ng pakikibaka ng masa. Dahil hindi maipagkaila at hindi maapula, ng reaksyunaryong gubyerno ang lakas ng bayang nakikidigma, napipilitan itong pumasok sa usapang pangkapayapaan. Sa CASER, naitutulak ng kilusang masa at rebolusyonaryong kilusan ang gubyerno na harapin ang mga pananagutan nito sa taumbayan - tapusin ang lahat ng mga patakaran nitong pumuprotekta sa interes ng mga lokal at dayuhang naghaharing-uri at ipihit ang mga programa nito upang magsilbi sa interes ng mamamayan. Kung mapipirmahan ng mga prinsipal ng dalawang panig at kagyat na maipapatupad ang mga probisyon na ilinapit ng NDFP at mamamayan sa pamamagitan ng CASER, malaki ang maiaambag nito sa pagpapaunlad ng kabuhayan, pagtataguyod sa kagalingan at interes ng masa at pagpupundar ng pundasyon ng isang lipunang demokratiko at malaya mula sa kamay ng lokal at dayuhang mapagsamantala. Tanging sa pagkakalagot ng tanikalang nagtatali sa mamamayan sa hirap at sa pagkaresolba ng kanilang pinakabatayang mga problema tunay na masisimulang kamtin ang makabuluhan at pangmatagalang kapayapaan.

Sa tapat na pakikipagharap o tuluyang pagtalikod ng reaksyunaryong gubyerno sa pagtalakay ng mga sosyo-ekonomikong suliranin at mga solusyon na hinahapag ng mamamayan sa pamamagitan ng NDFP mapapatunayan kung kanino tunay na naglilingkod ang gubyerno. Sa bawat pananabotaheng ginagawa ng gubyerno upang hindi maituloy ang pag-uusap hinggil sa CASER, lalo nitong nilalantad ang sarili bilang pangunahing instrumento at daluyan ng pagsasamantala ng naghaharing-uri.





## Ano ang dapat gawin?

Napakahaba na ng panahong nagdarahop ang mamamayang Pilipino habang nagpapasasa sa yaman ng bansa at kanilang lakas ang iilang lokal at dayuhang naghaharing-uri. Hindi nakapagtataka na ang nag-uumapaw nilang pagnanais na makawala mula sa palagiang kasalatan at kahirapan ang nagbunsod sa kanilang pagkamulat at pagpapasyang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at sa kabila ng masasalimuot na karanasang pinagdaanan, ipinundar ng mamamayang api ang partidong tunay na magsisilbi sa lahat ng inaapi at pinagsasamantalahan - ang Communist Party of the Philippines (CPP). Itinayo at ibayong pinalakas din ng mamamayan ang sarili nitong sandatahang lakas – ang New People's Army (NPA), upang ipaglaban ang interes ng nakararami at upang hawanin ang daan tungo sa tagumpay ng rebolusyon. Gayundin, naipundar ang malawak na nagkakaisang lakas ng mamamayan sa pamamagitan ng NDFP. Sa halos limang dekadang pakikibaka ng mamamayan para sa katarungang panlipunan, tunay na paglaya at kapayapaan, napagtagumpayan nitong maabot ang antas ng pambansang lakas na hindi magapi at hindi mapahina, ng kontrarebolusyonaryong pwersa.

Ang pambansang lakas na inabot ng rebolusyonaryong kilusan ang siyang nagtulak sa gubyerno na gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang pahupain ang daluyong ng pagbabalikwas ng mamamayan kabilang na ang pagpasok sa usapang pangkapayapaan. Sa karanasan, kinasasangkapan ng mga reaksyunaryong rehimen ang negosasyon upang itali ang kamay ng rebolusyonaryong kilusan at subukang pigilan ang kapasyahan ng mamamayang maipagtagumpay ang digmang bayan. Ngunit sa kabila ng mga pananabotahe at panlalansi ng mga pwersa ng reaksyon sa loob ng gubyerno, nananatiling bukas ang rebolusyonaryong kilusan sa negosasyon sa layuning magkamit ng mga pakinabang na mapanghahawakan ng mamamayan habang patuloy na ilinulunsad sa mas malawak at malalim na antas ang demokratikong rebolusyong bayan.

Sa kasalukuyang inaabot ng usapang pangkapayapaan, susi ang papel ng kilusang masa at rebolusyonaryong kilusan na hamunin ang reaksyunaryong gubyernong patunayan ang katapatan nito sa bayan, singilin at panagutin ito sa mga pangakong hindi nito tinutupad at mga repormang matagal nang kahingian ngunit isinasantabi nito para sa kapakanan ng naghaharing-uri.

Kapwa sa lunsod at kanayunan, dapat paigtingin ng mga kasama at buong rebolusyonaryong pwersa ang kilusang edukasyon at propaganda upang maintindihan ng pinakamaraming bilang ng mamamayan ang kasaysayan, mga kasalukuyang hadlang at mga hinaharap sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Mapangahas na pasukin ang iba't ibang daluyan ng propaganda tulad ng pahayagan, radyo, mass media at social media upang maabot ang mas maraming bilang ng mamamayan. Gamitin ang lahat ng mga eskwelahan, pabrika, sakahan, dampa, sonang gerilya at kung saan man may nakatipong bilang ng masa at kasama bilang mga lunsaran ng pag-aaral hinggil sa inaabot ng usapang pangkapayapaan at ang papel nito sa demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat magpakahusay ang kilusang masa sa masikhay at tuluy-tuloy na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa pinakamalawak na bilang ng mamamayan para suportahan ang pagsulong ng usapang pangkapayapaan. Dapat patuloy na maglunsad ng mga kilos-protestang sisingil at hahamon kay Duterte na mapapatunayan lamang nito ang kanyang katapatan sa taumbayan kung tunay at sinserong makipaghaharap ang kanilang panig sa usapang pangkapayapaan upang talakayin ang CASER at gumawa ng mga hakbang upang maisakatuparan ang mga ito. Dapat patuloy na tuligsain ang mga pakanang pananabotahe ng reaksyunaryong gubyerno upang takasan ang mga lehitimong kahilingan ng mamamayan. Ilantad ang mga


hindi makatarungang prekundisyon ng pamahalaan bilang pamamaraan upang lansihin ang masa at upang makalusot sa pagtalikod nito sa usapang pangkapayapaan. Singilin at panagutin ang GRP sa mga kaso ng paglabag ng pwersa nito sa mga nauna nang kasunduan sa usapang pangkapayapaan na siyang humahadlang sa pagpapatuloy nito. Isulong ang mga hakbang para sa mainam na pagbubukas muli ng usapang pangkapayapaan tulad ng pagtalima ng GRP sa mga probisyon ng CAHRIHL, Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at iba pang kasunduan – kabilang na ang pagpapalaya ng lahat ng bilanggong pulitikal, pagtigil ng militarisasyon sa kanayunan at pagtigil ng todo-gera laban sa mamamayan kapwa sa kanayunan at kalunsuran.

Dapat basagin at pigilan ang baluktot at tusong hakbangin ng GRP na itulak ang NPA sa pagpasok sa isang pangmatagalang tigil-putukan bago muling simulan ang usapang pangkapayapaan. Malinaw na walang ibang intensyon ang naturang pakana kundi ang iparalisa at itulak sa pagsuko ang hukbo ng mamamayan upang sa gayon ay malaya nang maisantabi ng gubyerno ang pagharap sa mga suliranin ng mamamayan nang wala ng pinangangambahang pagsambulat ng armadong lakas ng masang anakpawis. Dapat tandaan na ang usapang pangkapayapaan ay isa lamang bahagi ng hayag na pakikibakang masa. Nananatiling pangunahing porma ng pagkamit sa demokratikong interes ng mamamayan at pagsusulong ng digmang bayan ang armadong pakikibaka.

Dapat panghawakan ng mga kasama at masa ang kawastuhan ng armadong pakikibaka laluna sa panahon ng kabi-kabilang pulitikal na patibong na ilinalatag ng reaksyunaryong gubyernong desperadong makapangunyapit sa pwesto. Dapat magpatuloy ang mga yunit ng NPA at milisyang bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga lehitimong target, paglilinis at pagpaparusa sa mga indibidwal at ahente ng estado na napatunayang mayroong malulubhang kaso laban sa mamamayan. May tigil-putukan man o wala, dapat ibayong magsigasig ang lahat ng pulang mandirigma at kadre sa pagrerekluta at pagsasanay ng armadong pwersa ng rebolusyonaryong kilusan.

Tinatanaw ng rebolusyonaryong kilusan ang posibilidad na habang lumalaki ang bitak sa pagitan ng mga tradisyunal na burukrata sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at habang lumalakas ang sigaw ng mamamayan upang panagutin ang gubyernong Duterte sa lahat ng krimen nito, mapipilitan ang GRP na salubungin ang mga pagsisikap ng NDFP na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan. Gayunpaman, mulat ang rebolusyonaryong pwersa na sakaling mabuksang muli ang negosasyon, magiging higit na masalimuot ang darating na mga pag-uusap dahil tatalakayin dito ang saligang mga programa at patakaran na kumakatawan sa magkakatunggaling makauring interes. Dahil ang makabuluhang pagsulong sa CASER ay mangangahulugan ng pagsulong ng demokratikong interes ng mamamayan at ng paghina ng kapit ng imperyalista at mga naghaharing-uri sa bansa, dapat handa ang mamamayang labanan ang panghihimasok at mga pakana ng imperyalistang US, mga militarista at kontra-rebolusyonaryo na pipigil sa anumang mga pagsulong sa usapang pangkapayapaan.

Habang puspusang itutulak ng NDFP ang kahilingan para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, dapat itong timbangan ng ibayong pagpapaigting ng pakikibakang masa at armadong pakikibaka. Dapat maging mapagpasya ang mamamayan sa pagpapalawak at pagpapaalalim ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa huli, tanging sa pagpupunyagi para sa pagpupundar ng isang demokratikong gubyernong bayan makakamit ng mamamayan ang tunay na katarungang panlipunan at makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.





# TALASALITAAN

1. Usapang Pangkapayapaan – Paghaharap ng dalawang magkatunggaling panig na may magkapantay na pampulitikang katayuan. Bahagi ng parlyamentaryong pakikibaka ang usapang pangkapayapaan. Paraan ito upang igiit ang mga lehitimong interes ng mamamayan.

2. Belligerent status - Mga nakikidigmang panig na mayroong kapantay na pampulitikang katayuan sa nakatindig na gubyerno sa panahon ng armadong sigalot.

3. Joint Monitoring Committee – Komiteng binubuo ng mga kinatawan na itatalaga ng GRP at NDFP na magtitiyak na nasusunod ng magkaparehong panig ang mga napagkasunduan sa isang partikular na usapin.

4. Pambansang Industriyalisasyon – Pagtatayo ng mga saligang industriyang nakakasapat-sa-sarili para sa batayang pangangailangan ng bansa.

5. Tunay na Reporma sa Lupa – Rebolusyonaryong programang nakatuon sa pagwakas sa monopolyo sa lupa ng naghaharing uri at kaakibat na pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa magsasaka. Libreng ipamamahagi sa magsasaka ang lupa ng mga dayuhang imperyalista, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa matapos kumpiskahin at inasyunalisa ito.

6. Magagaang Industriya – Mga industriyang tumutugon sa mga produktong pangkonsumo. Halimbawa ay industriya ng pagkain, tela at agrikultura.

7. Mabibigat na Industriya – Mga industriyang tumutugon sa mga pangangailangan ng iba pang industriya. Halimbawa ay industriya ng bakal at kemikal.

8. Pambansa, Siyentipiko at Pangmasang Kultura – Progresibong kultura sumasalungat sa kasalukuyang naghaharing kultura. Ito ay pambansa dahil binabaka nito ang kamalayang kolonyal at kaisipang alipin na dulot ng kolonyal na kultura; siyentipiko dahil pinapaunlad nito ang kritikal at masiyasat na pag-iisip laban sa pyudal-patriyarkal na kultura; at pangmasa dahil nagmumula at nagsisilbi ito sa interes ng sambayanan. Ang pagsusulong nito ay bahagi ng 12-puntong programa ng NDFP.

9. Kasiguruhan ng Trabaho – Makatuwirang katiyakan ng manggagawa na hindi siya agarang maalis sa trabaho bunga ng mga mapagsamantalang palisiya tulad ng kontraktwalisasyon.